

1

“Hi, Jeramiah! How are you doing?”

“I’m doing good,” matabang niyang sagot kay Leana. Naroon sila sa *Party Haven*—isang first class bar na tambayan ng mga mayayamang gaya niya.

“Mabuti’t pinayagan kang lumabas ni Governor?”

“Kelan ba ako pinahindian ni daddy? Sa kanya ang buong La Union at nasa San Fernando City lang tayo. Meaning, teritoryo pa rin ng daddy ko ang lugar na ito. What could happen to me, right?” Kinuha ni Jeramiah ang kanyang baso na may lamang *Blue Agave Tequila* at sumimsim mula roon.

“You don’t have bodyguards around,” puna ni Rika.

“That’s because I can control my dad,” Jeramiah smirked. Pero ang totoo, mayroon siyang sampung bodyguards sa paligid. Pinagsuot niya lang ng civilian clothes para hindi halata.

“That’s so Jeramiah. Kelan ka ba nakaramdam ng pagkabigo?” puno ng pait na singit ni Eliza, anak ng vice governor sa kanilang probinsya.

Needless to say, they were always rivals, mukhang pati sa kanila ay nagpatuloy ang pagiging magkalaban ng kanilang mga ama sa pulitika.

“Don’t be so bitter about it, Eliza. Hindi lang talaga ako basta-basta nagpapatalo, kaya huwag mo nang dibdibin na kahit minsan ay hindi ka nanalo sa ’kin,” nakaismid pa rin niyang sabi.

“Hey, relax. Huwag ninyong sabihing magkakainitan na naman kayo? Ngayon na nga lang ulit tayo nagkita-kita,” saway ni Leana na bahagya pang hinaplos sa likod si Eliza.

Kung tutuusin, wala naman talaga siyang kakampi sa mga kasama niya. They only stuck around her because she got the money and the *name*. Saglit niyang tinapunan ng tingin ang iba pang mga kasamahan sa mesa. Ni isa sa mga iyon ay wala siyang itinuturing na kaibigan. Sanay siyang sinisiraan ng ibang tao kapag nakatalikod siya.

“Kelan ba ako napikon?”

“Ano ba ’yan, change topic na lang tayo. Come on, guys, let’s dance!” aya ni Leana, one of her bitch friends.

“I don’t feel like dancing,” tanggi niya.

“Why?” nakangising baling ni Eliza sa kanya.

Hindi lingid sa lahat na parehong kaliwa ang mga paa niya. Pero kahit na kailan ay hindi siya nagpakita ng insecurity sa iba dahil doon.

Tumingin siya kay Eliza. “You can’t beat me, girl. Kahit na tumayo lang ako sa gitna ng dance floor, tiyak kong ako pa rin ang mapapansin at hindi ikaw. Remember, lahat ng nakikita mo ngayon, lahat ng inaapakan mo, kaya kong angkinin. Magiging akin lahat basta ginusto ko. Kahit na pati ’yong lalaking kanina mo pa tinitingnan, kaya kong angkinin, maasar ka lang,” banta niya.

“J-Jeremiah, that’s so mean,” ani Leana.

“Don’t worry, he’s not my type.” Tumayo siya at naglabas ng ilang lilibuhin mula sa kanyang wallet. “Bayad ko sa ininom ko at sa pagpapainit sa mga ulo ninyo,” aniya bago mabilis na tumalikod at naglakad palabas ng bar.

“Ang yabang talaga! Akala mo kung sino! Wala namang patutunguhan sa buhay!” narinig niyang saad ni Eliza pagtalikod niya.

Lalo niyang binilisan ang paglalakad dahil alam niyang mas madami pang masasakit na salita ang maririnig niya mula sa mga iniwan. Like her dad,

marami rin ang sumasaksak sa likod niya. She smiled bitterly.

She didn't need friends. Hindi niya kailangan ng mga taong plastic. Natigil siya sa paglalakad nang mahagip ng mga mata niya ang lalaking naglalakad papunta sa itim na kotseng nakaparada sa likod ng kotse niya.

Kahit na may kadiliman ang lugar ay naaninag pa rin niya ang kakaibang dating nito. His height, his masculinity, his gait, his hair, his arms—everything about him looked so sexy. Pakiramdam niya ay nagbalik siya sa panahon noong bigla niyang nakasalubong ang first crush niya.

Who's that guy?

Nanatili siya sa kinatatayuan at pinagsawa ang sarili sa panood sa lalaking pumasok sa kotse nito. Mabilis din itong umibis pagkatapos. Mukhang may kinuha lang ito mula sa loob ng sasakyan. Lumapit ang lalaki sa isang batang gusgusin na nakatayo sa harap ng fashion boutique katabi ng bar na pinanggalingan niya.

“Kainin mo lahat 'yan, ha? Pasensya ka na, ito lang kasi ang nabili ko sa grocery kanina. Kunin mo 'to, mga gamot iyan. Inumin mo ang mga ito kapag

may lagnat ka, at ito naman kapag inuubo ka. Hindi kita bibigyan ng pera, kaya ito na lang ang ibibigay ko. Mag-ingat ka, ha? Huwag kang tatawid mag-isa,” litanya nito bago tuluyang iniwan ang bata.

“Salamat po, Sir. Salamat po talaga!” tuwang sigaw ng bata.

Lalo siyang napahanga nang tuluyang maaninag ang mukha ng lalaki. It was one of the most handsome faces she'd ever seen in her whole life.

Ang guwapo, I need to talk to him!

Saglit siyang tumalikod at inaninag ang sarili sa salaming pintuan ng pinaggalingang bar, inayos niya ang sarili sa harap niyon. She practiced her well-known smile. Tingnan niya lang kung hindi mahumaling sa ganda ng ngiti niya ang lalaki kapag nilapitan niya.

Nakangiting humarap siya sa lalaki ngunit gayon na lamang ang panlalaki ng mga mata niya nang makitang papaalis na ang kotseng minamaneho nito.

“H-hey, teka!” sigaw niya. Mabilis siyang tumakbo at sinubukang habulin ang kotse pero mabilis na iyong nakaalis. Naiwan siyang nagpapapadyak sa sobrang inis.

Damn! Papalicious na, naging bato pa!

Inis na dumerecho siya sa kanyang kotse at pinasibad iyon paalis.

Umalingawngaw ang matinis na boses ni Jeramiah sa maluwang niyang silid. Sinigawan niya ang katulong. Mali ang juice na dinala nito sa kanya.

“S-sorry po,” nakayukong paumanhin ni Loreta.

“I said, get out! Hindi mo ba alam ang pagkakaiba ng mango juice sa orange juice? Get out of my sight!” Sa lahat ng pinakaayaw niya ay iyong hindi sinusunod ang gusto niya.

Naiiyak na umalis ang katulong sa harapan niya.

“Nakakainis! Umagang-umaga, sinira na agad ang araw ko!” Padarag siyang naupo sa kanyang queen-size bed.

“Hija.”

Napalingon siya kay Nana Rosing, ang mayordoma nila. Base sa hilatsa ng mukha nito, malamang na makakarinig na naman siya ng sermon. Ito at ang kanyang ama lamang ang nakapagpapangaral sa kanya. Her mom died after giving birth to her.

“Eh, kasi naman po, mali ’yong ibinigay niya sa akin.”

“Sigurado ka ba sa hiningi mong juice? Kabisado ko ang pagiging makakalimutin ng alaga ko.” Tiningnan siya nito nang pailalim na tila ba hinuhuli kung nagsasabi siya ng totoo.

“I always ask for mango juice every morning,” nakangiwing aniya. Ang totoo, hindi siya sigurado kung mango juice nga ba talaga ang hiningi niya. Busy kasi siya kanina sa telepono noong tinawag niya ang katulong.

“Matagal ko nang sinasabi sa ’yo ’to. Paano ka na kung wala na kami ng daddy mo? Kung magpapatuloy ka sa ganyang pag-uugali mo, sa tingin mo ba ay may magmamalasakit sa ’yo? Matuto kang makisama sa iba. Sila rin ang tutulong sa ’yo kapag nangailangan ka.”

“Hindi n’yo naman ako iiwan, di ba?” Umisod siya, tahimik na sinabing tumabi ito sa kanya. Ito na halos ang tumayong ina niya simula pagkabata. Minsan ay mas sinusunod pa niya ito kaysa sa kanyang ama na laging abala sa pulitika.

“Matatanda na kami.”

“A-ano ba iyang sinasabi mo, Nana? Huwag ka

ngang mag-emote. Alam mo namang mabilis akong madala. Isa pa, I have lots of friends.” Malambing niya itong niyakap.

“Hindi matatawag na kaibigan ang mga taong lumalapit lang sa 'yo dahil may pera ka,” iling nito.

“Nana Rosing naman, eh. Ang aga-aga, sinesermunan mo na naman ako. Just help me, okay? Kumbinsihin mo si Daddy na payagan akong mag-shopping ngayon. Please?”

“Hindi p'wede.”

Pareho silang napalingon sa matandang lalaking nagsalita mula sa kabubukas lang na pinto ng kuwarto niya.

“You have to come with me. May medical mission tayong pupuntahan sa bayan ng Santol,” pinal na saad ng ama niyang tuluyan nang pumasok sa kanyang kuwarto.

“B-but, Dad! Ano'ng gagawin ko d'un? Hindi ako nurse at lalong hindi ako politician para mag-volunteer sa mga pagtulong na ganyan. Isa pa, hindi ba't napakalayo ng lugar na iyon? Nasa kabundukan! Siguradong sasakit ang mga paa ko—”

“Enough! No excuses, no buts. Matagal na kitang

pinagbibigyan sa mga kapritso mo. I think it's about time you share what you have with the less fortunate.”

“You're not serious, Daddy,” iling niya.

“Last term ko na 'to. Kaya marapat lang na hindi pagsusungit at pangmamata ang ibigay mo sa mga taong dahilan kung bakit mo nararanasan ang buhay mo ngayon.”

“It's not as if you raised me using the taxpayers' money! May sarili tayong pera.”

“Watch your mouth, young lady. I'm warning you.”

“P-pero, Dad...”

“Kapag hindi ka sumama sa akin sa medical mission, ipapa-cut ko ang lahat ng credit cards mo.”

“Ano'ng meron, Dad? Gaano ba kaimportante sa 'yo ang medical mission na 'yan para magawa mong pagbantaan ako ng ganito? Don't tell me may balak kang tumakbo for a higher position? O baka naman balak mo akong isabak sa pulitika? Ako ang ipapalit mo sa posisyon mo?”

“Don't be silly. Ipinangako ko sa puntod ng mommy mo na kahit kelan ay hinding-hindi kita isasabak sa pulitika. I won't go further either. Magre-

retire na ako.”

“Then, why are you doing this?”

“This is my last term. At sa huling tatlong buwan ko sa panunungkulan, nais kong gawin lahat ng mga hindi ko nagawa noon. Isa na roon ang pagiging isang ama sa 'yo.”

“Iyon naman pala, eh. So, why are you—”

“Sa sobrang busy ko dati sa trabaho, napabayaan ko na ang pagpapalaki sa 'yo. Kaya ngayon ay hindi ka marunong makipagkapwa-tao. Hindi ka marunong magpakumbaba at lalong hindi ka marunong tumulong sa iba. I gave you everything you wanted, thinking that it's my duty as a father. Pero mukhang nagkamali ako. Looking at you now, hindi ko na alam kung anong klase ng buhay ang naghihintay sa 'yo sa oras na mawala ang kapangyarihan ko sa bayang ito.”

“B-but...”

“You have to respect the people I serve. Hindi ako ang boss nila, sila ang boss ko. I am a public servant. Kaya ikaw, bilang anak ko ay dapat ding magsilbi sa kanila. It's the least you can do not only for them, but for me and for your mom. Ito lang ang hinihingi kong regalo mula sa 'yo para maging masaya naman ang pagreretiro ko.”

“D-Dad.”

“Maghanda ka na. We’re about to leave. And please, don’t wear stilettos... again. Huwag mo nang tangkaing gumawa ng eksena sa pupuntahan natin dahil sa pagkakataong ito, hindi na kita tutulungan at pababayaan na kitang malugmok sa kahihyan nang mag-isa.”

Wala siyang nagawa kundi titigan ang likod ng ama na dagling umalis. Humihingi ng saklolong tinapunan niya ng tingin si Nana Rosing pero umiling lang ito.

“Sorry, Hija, pero mukhang nakapagdesisyon na ang ’yong ama. Pagbigyan mo na lang siya. Ngayon lang naman siya humingi ng pabor sa ’yo.” Tinapik siya nito sa balikat.

“This is not happening. Hindi ito maaari!”

“Isipin mo na lang na matutuwa ang mommy mo sa gagawin mong ’to. Make your parents proud, kahit minsan lang.”

“Ikaw na talaga ang reyna ng pangongonsyensya, Nana Rosing.” Niyakap niya ito.

Bahala na nga!

Kinuha ni Jeramiah ang kanyang mamahaling perfume at maarteng nag-spray sa sarili bago lumabas ng sasakyan. Hindi pa sana siya bababa kung di siya ipinasundo ng ama sa kinalululanang *Wrangler* jeep.

Kung saang lupalop sila ng Pilipinas naroon ay hindi niya alam. Puro puno ang nakikita niya sa paligid, ni hindi halos makaakyat ang sasakyan nila. Kulang na lang ay maglakad sila papunta sa lugar na iyon.

“Is this really the life of a governor’s daughter? Geez! Ang sakit sa paa! Sobrang haba ng biyahe...” bubulong-bulong na aniya bago lumapit sa naghihintay na ama.

“Remember, Jeramiah, no antics. Not here,” babala ng matanda.

“For Mommy’s sake, okay fine.”

Mula sa isang kilala at mayamang angkan ang kanyang ama samantalang ang kanyang ina ay isang ordinaryong teacher sa bayan ng Santol.

The place looked so... desolate. Sa unang pagkakataon ay nagawa niyang aminin sa sarili na naaawa siya sa mga taong nakatira sa lugar na katulad niyon. And her mom used to live here.

“Good morning, Governor Costalles, welcome po sa Barangay Tubaday,” magalang na bati ng isang ginang. “Good morning din po, Miss Costalles.”

“Sana po makatulong ako,” pilit ang ngiting aniya.

Nagulat ang babae sa sinabi niya. Dati-rati, harap-harapan siyang nagrereklamo na ayaw niya sa ganoong klase ng lugar. Minsan niya lang sabihin iyon, matataranta na ang tatay niya at dagli siyang pabalik sa kotse para iwas-issue.

“Dito po tayo, Governor. Nag-aantay na po ang mga doktor galing Maynila,” yakag ng sumalubong sa kanila.

“Oy, *darasen ’yo! Umayen ni Governor! Kadwa na diyay naarte nga anak na!*” sigaw ng isa pang ginang.

Napatigil siya sa paglalakad at inis na napabaling sa isa pang ginang na sumunod sa kanila. Hindi porke galing siya ng States ay hindi na siya nakakaintindi ng Iloko. Taga-La Union pa rin siya. Iloko ang gamit sa kanya ni Nana Rosing noong bata pa siya kaya kahit paano ay nakakaintindi siya. Pinigilan niya ang sariling balikan ang babaeng nagsabing maarte raw siya.

Alang-alang kay Daddy, palalampasin kita.

Kagaya ng kanyang ama ay nakipagkamay rin siya sa mga doktor na naroon. Pinlasteran niya ng ngiti ang mga labi para naman walang masabi ang mga tao.

“How are you?” tanong ng kanyang ama kay Dra. Rulla.

“We’re doing great, Governor. Mabuti po at nakarating kayo,” nakangiting sagot ng isa sa mga manggagamot.

Sa hinuha niya ay naglalaro mula sa treinta hanggang sa treinta y cinco ang edad nito.

“Hello, Beautiful,” baling nito sa kanya. “It’s surprising to see the famous governor’s daughter in this kind of event.”

“I’ll take that as a compliment. Ayokong masira ang skin ko dahil lang nainis ako sa sinabi mo,” she joked.

Natawa ito. “Oh, you have to meet Dr. Cervantes. He organized this medical mission. Siya ang nagdala sa amin dito.”

“Really? I’ve heard a lot about Dr. Cervantes. Bukod daw sa guwapo ay matalino at mabait pa. I look forward to doing business with him once I

retire,” anang kanyang ama.

Lihim siyang napaismid. Sana dumating na agad ang Dr. Cervantes na iyon, para matapos na agad ang mission.

“O, heto na pala siya.”

Thank God.

She rolled her eyes. Para lang mapamulgat sa sunod na nakita niya. Dahil ang Dr. Cervantes na tinutukoy nito at ang lalaking sinubukan niyang habulin sa parking lot nang nagdaang gabi ay iisa!

2

“This is Governor Jericho Costalles. Gov, this is Dr. Achilles Cervantes,” pagpapakilala ni Dra. Rulla.

“It’s a pleasure to meet you,” bati ng kanyang ama.

“The pleasure is mine, Sir,” anito sa suwabeng boses.

Hindi tuloy niya naiwasang mapatulala. Hindi lang ito basta guwapo at maganda ang boses, matulungin pa. Kaya pala binigyan nito ng pagkain at gamot iyong batang pulubi sa halip na pera, isa pala itong mabait na doctor.

Nagtataakang napadako ang tingin ng lalaki sa kanya. Natigilan siya nang makitang sinuyod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa. Then, his face went blank. Pero sa halip na mainis sa ginawa nito ay napangiti pa siya.

“I am Jeramiah Costalles, daddy ko siya.” Saglit niyang nilingon ang kanyang ama bago iniabot ang kamay sa doktor.

Atubiling tinanggap ng huli ang pakikipagkamay

niya. Lihim siyang kinilig nang tuluyang makadaupang-palad ang lalaki.

“I’m glad to meet you,” anito.

“Are you married?” sa halip ay tanong niya.

Napaubo ang lalaki at tila nahihiyang tumingin sa daddy niya. Pilit nitong binabawi ang kamay mula sa pagkakahawak niya pero hindi niya kaagad iyon binitawan. Hindi niya pinansin ang nananaway na tingin ng ama at ang kakaibang tinginan ng mga tao.

“N-no, I am not,” pormal na sagot nito.

“Good!” Masigla na niyang binitawan ang kamay ng manggagamot. “Mukhang mag-e-enjoy ako dito, thank God I came.”

“Jeremiah,” saway ng kanyang ama.

“What? Aren’t you happy? I said, mag-e-enjoy ako dito.”

“Behave. Huwag kang gagawa ng hindi maganda dito. I’m warning you,” bulong ng gobernador.

“I have to go. Kailangan ako sa kabilang tent. Madami akong i-che-check up na mga bata,” paalam ni Achilles.

Her dad went around to greet the other staff,

hindi na siya sumama.

So he's a paediatrician, huh? Sinundan niya ito ng tingin hanggang sa makarating ang manggagamot sa kabilang tent. *I want him!* Iyon agad ang pumasok sa isip niya. Bihira siyang magkagusto sa isang tao. Bumalik ang tingin niya sa binata. *Ano'ng meron sa kanya?*

“He’s gorgeous, isn’t he?” nakangiting saad ni Dra. Rulla na bahagya pang lumapit sa kanya.

“Indeed, he is.”

“You’re very outspoken.”

“May girlfriend na ba si Achilles?” she asked boldly.

“Are you interested in him?”

“A question that’s answered by a question, I really hate that. I think I’ll just have to ask him.”

“Good luck. You’ll really need it, you know. Dr. Cervantes hates your type. Mahihirapan kang pasagutin siya,” tudyong nito.

“Wala pang ginusto si Jeramiah Costalles na hindi niya nakuha.”

“Well, if that’s the case, mas kakailanganin mo

ang good luck dahil mabibigo ka.”

“Just wait and see!”

Nagmartsa siya palapit sa kinaroroonan ni Achilles at

natigilan nang makita ang mga batang nakapila sa harap ng mesa nito. Napalingon siya sa isang batang patpatin na may uhog pa sa pisngi. Napangiwi siya at hinarap na ang doctor.

“Hi, Achilles!”

“I’m busy,” hindi lumilingong sagot nito.

“Right, andaming pasyente. Gusto mo, tulungan kita?”

“May nurses dito na mas nakakaalam kung paano mag-assist ng mga batang may sakit. Hindi mo na kailangang pilitin ang sarili mo.”

Hindi niya naiwasang pamulahan ng mukha dahil sa hayagang pagtataboy nito sa kanya. Pinagtitinginan siya ng nurses at bystanders doon. Kung sa ibang pagkakataon ay malamang na nag-walkout na talaga siya.

Tinitigan niya ang pormal na mukha ng binata habang kinakausap ang batang patpatin na nakita

niya kanina sa pila. He looked so serious. Napangiti siya sa kabaitan nito at hindi napigilan ang sariling lumapit at tumabi rito.

“Hindi ako basta-basta naitataboy,” nakangiti pa ring sabi niya. “Masyado akong maganda para sumuko.”

Narinig niya ang malakas na pagsinghap ng mga nurses sa likuran nila. Nilongon niya ang mga ito at napangisi. Dagli namang umiwas ng tingin ang mga ito at nagkunwaring may ginagawa.

“I did tell you that I am busy, didn’t I?” tila napipikon nang baling ng doktor sa kanya.

“You did?”

“Look, Miss Costalles...”

“It’s Jeremiah.”

“Miss Costalles,” mariing ulit nito. “If you won’t leave now, I’ll ask the governor to take you away. Ang pinakaayaw ko sa lahat ay ang ginugulo ako. Saving lives isn’t a game. Do you need a longer lecture on that subject?”

Napipilan siya sa sinabi nito. Napaka-cool ng lalaki. Cold. Tila walang pakialam na nasa paligid lang ang kanyang ama, na maaari nitong ma-offend.

“Fine, I’ll leave... for now. But you’ll see. Bukas na bukas din ay ikaw mismo ang maghahabol sa akin.”

“Aalis na kami bukas. What a relief.”

“What Jeramiah wants, she gets. Makikita mo, you’ll be mine!” Kinindatan niya ito bago umalis at derechong tinungo ang *Wrangler* jeep kung saan siya sumakay kanina.

Achilles Cervantes, hindi magtatagal at mapapasaakin ka!

“Di mo ba talaga ako kayang bigyan ng kahit konti man lang kahihyan? Ano sa tingin mo ang ginawa mo sa harap ni Dr. Cervantes kanina?” bulyaw ng daddy niya.

Kauuwi lang nila galing ng Tubaday. Nagmamadaling nagyaya pauwi ang kanyang ama dahil sa ginawa niya.

“Dad, masama bang makipagkaibigan?”

“Pakikipagkaibigan ang tawag mo doon? You literally flirted with him, at sa harap ko pa!”

“It’s not flirting. Sa States nga ay—”

“You will never go back to that place ever!”

“Come on, Dad! This is in the twenty-first century.”

“At nasasanay ka na ring sumagot sa akin ngayon.”

“I’m sorry.” Napayuko siya.

“You really should be! Ipinahiya mo ako sa harap ng mga constituents ko. How could you flirt with that doctor in front of me? My God, you’re going to kill me. You as good as chased Dr. Cervantes in the camp. What are you, a maniac?”

“I like him.”

“Do you know what you’re talking about?”

“I’m already twenty-three, Dad, kaya natural na alam ko kung ano ang sinasabi ko.”

“Hindi talaga kita dapat pinayagang mag-aral sa States.”

“Daddy, don’t be like this. Malulungkot ang princess mo.” Malambing siyang yumakap sa ama.
“Dad...”

“No.”

“Wala pa nga akong sinasabi, eh.”

“Simula ngayon ay hindi na kita pagbibigyan sa lahat ng mga kalokohan mo. Kung ayaw mong ipatapon kita—”

“I’m cool with it!”

“W-what?”

“Ipatapon mo ako sa mga medical missions. Gusto ko iyon, pagtulong sa kapwa.”

“Jeramiah!”

“Sige na, Dad. Gusto kong sumama sa medical mission.”

“No. Ayokong umaali-aligid ka kay Dr. Cervantes. I won’t allow that.”

“But I like him! Di ba sabi mo, lahat ng gusto ko ay—”

“I love you, Honey. Pero sa pagkakataong ito, kailangan ko nang baguhin ang lahat ng kinagawian mo. From now on, you’ll have to work for everything you want to have.”

“Okay lang. Ipagpatayo mo ako ng ospital. Then, kunin nating doctor si Achilles.”

“Jeramiah!”

“O, sige, pharmaceutical company na lang. ”Tapos ako ang magbebenta ng mga gamot kay Achilles.”

“You really just won’t just give up, would you?”

“Nope.”

“Loreta, ’yong gamot ko, aatakehin ako sa puso!”

“Nakakainis! Bakit ba hindi ako mapagbigyan ni Daddy? Sinabi ko na ngang gusto kong magkawanggawa, eh,” maktol niya habang walang ganang tinititigan ang lamog-lamog nang lasagna sa plato niya.

“Overprotective lang sa ’yo ang daddy mo. Masyado ka pang bata para sa mga ganyan,” ani Nana Rosing.

“Hindi ko naman sinabing pakakasalan ko si Achilles, eh! Gusto ko lang siya. And, Nana, hindi na ako *masyadong* bata. Isa pa, first time kong makaramdam ng ganito.”

“Pero di ba, sabi mo ay ayaw niya sa ’yo? Sinabi mo pa ngang ipinahiya ka niya at hindi ka pinansin.”

“Okay lang sa akin ’yon, Nana. Kinikilig nga

ako, eh, kasi ang supla-suplado niya.” Hindi niya naiwasang tingnan ang reaksyon nito at ni Loreta na gumagawa ng sandwich.

“Hindi na ako nagtataka kung bakit parang aatakehin sa puso ang daddy mo kagabi habang kausap ka. Kung anu-ano’ng pinag-iisip mong bata ka.”

“Nana, ano’ng mabisang pang-akit sa mga lalaki?”

“Jeramiah!” sita nito.

“Relax, Nana. Quiet na ako,” natatawang saad niya.

Kinuha niya ang baso at ininom ang laman niyon. Kailangan niyang makita si Achilles. Kesehodang tumakas siya papuntang Manila ay gagawin niya, makita niya lang ito!

Hindi mahirap para sa katulad ni Jeramiah ang alamin kung nasaan si Achilles gaano man kalawak o kagulo ang Maynila. It was one of the advantages of being a governor’s daughter. Napangiti siya habang tinitingnan ang maliit na papel kung saan nakasulat ang address ni Achilles.

“S’abi ko naman sa ’yo, magkikita pa tayo,” nakangiting saad niya habang tinitingnan si Achilles na abalang nagdidilig ng mga halaman sa harap ng clinic nito.

Sa mismong residence ng manggagamot naroon ang clinic nito. Naka-sando lang ang binata at mukhang bagong gising.

“Good morning, Achilles!”

“You? What are you doing here?” bulalas nito.

“Binibisita ka.”

“Umalis ka na.”

“Malayu-layo rin ang nilakbay ko para lang makarating dito, ah! ’Tapos paaalisin mo ako agad? Hindi mo man lang ba ako iimbitahing mag-breakfast kasama ka?”

“Hindi ko alam kung ano’ng problema mo o kung ano ang trip mo sa buhay. Pero ito lang ang masasabi ko, leave me alone. Nakakaistorbo ka.” Ibinaba nito ang hawak na hose at naglakad papasok ng bahay.

“Teka, akala ko ba, ako ang pinapaalis mo? Eh, bakit ikaw ang umaalis?” Sumunod siya rito.

“Hindi ka ba marunong umintindi?” Padarag

itong pumihit paharap sa kanya.

“Alam mo bang wala pang nagsalita ng ganyan sa akin? Lahat ng tao, takot sa daddy ko. At wala pa ring nagpahiya at nagtaboy sa akin, ikaw pa lang!”

“Really? Dapat ba akong magdiwang dahil ako pa lang ang nakagawa n’un sa ’yo, mahal na prinsesa?”

“Cut the sarcasm.”

“Kaya nga umalis ka na. Huwag mo na akong kulitin.”

“Nasanay akong nakukuha ang lahat ng gusto ko. Gusto kita pero hindi kita makuha. Alam mo ba ang ibig sabihin n’un? Lalo lang kitang gustong mapasaakin.”

“Hindi ako bagay na puwede mo lang basta-bastang angkinin.” Itinaas nito ang kamay nang akmang hahakbang siya pauna. “Hanggang diyan ka na lang. Kung ayaw mong tumawag ako ng pulis at kasuhan ka ng trespassing, huwag mo nang balaking sumama pa sa akin hanggang sa loob.”

“Kapag tumawag ka ng pulis, sisigaw agad ako ng rape. Magagalit ang daddy ko at pipilitin niya tayong ipakasal. Wouldn’t that be great?”

“Rape? Gan’ung ikaw ang nagpunta dito sa bahay

ko? That's really believable, isn't it?"

"You haven't seen my acting powers, Buster. Pasalamat ka nga at may naghahabol sa 'yong kasingganda ko."

"Naghahabol?" ulit nito.

Hindi siya sigurado kung tama ba ang nakita niya sa mga mata ng binata. Was it amusement? Marahilay nagkamali lang siya. Sapagkat hindi lumaon ay naging sinlamig ng yelo ang mga mata nito.

"Masakit man para sa pride ko iyon ay aamin pa rin ako. Dahil lalong masakit sa pride ko kapag hindi kita nakuha. Kapag nagkataon, ikaw ang kauna-unahang mailalagay sa listahan ng mga bagay na hindi ko nakuha."

"Girls shouldn't be the one chasing guys."

"I'm not an ordinary girl."

"Yeah, you sure aren't."

"Kailangan pa ba kitang ligawan?"

"I wish you know what you're saying."

"Wish granted. Alam ko kung ano ang sinasabi ko."

“You’re a brat.”

“Yes, I am.”

“Hindi ka ba marunong magalit?”

“Hindi ko alam kung bakit hindi ko magawang magalit sa ’yo. Ginayuma mo ba ako?”

“Just leave, masisiraan ako ng ulo sa ’yo.”

“Bibilhin kita. Magkano ka ba?”

“Gusto mo na bang mamatay?”

“Ikaw lang ang gusto ko sa ngayon. So unless you give in, I’ll never stop. I like you. What should I do?”

“I don’t like you. You should leave. Now.”

“Magpapakabait ako, so you would like me.”
Nilingon siya nito at pinakatitigan. “I am willing to do everything you want, makuha lang kita.”

“Everything?”

Ipinagsawalang-bahala niya ang kakaibang ngiting naglaro sa mga labi nito habang sinusuyod siya ng tingin mula ulo hanggang paa. Hindi niya alam kung bakit, pero sa mga titig nito ay nakakaramdam siya ng kakaiba. Like it was the first time she ran out of breath. She tried to compose herself and look calm.

“Y-yes.”

“Sumunod ka sa akin.” Nagtatakang sumunod siya papasok sa bahay nito. Tumigil si Achilles sa gitna ng clinic at hinarap siya. “Sumama ka sa akin sa kuwarto.” Iminuwestra nito ang daan patungo sa isang silid.

“A-ano’ng gagawin natin doon?”

“Ano ba sa tingin mo ang ginagawa ng isang babae at isang lalaki sa loob ng isang kuwarto nang silang dalawa lang?”

“H-hindi kasali sa gusto ko ’yon.” Kinakabahang napatitig siya sa nakangising si Achilles.

Sa kauna-unahang pagkakataon ay nakaramdam siya ng takot. Nasanay siyang nakakaramdam ng seguridad kahit saan magpunta dahil lagi siyang may mga kasamang bodyguards na handang magtanggol sa kanya. Pero paano ngayong wala ni isang bodyguard na sasaklolo sa kanya dahil tumakas lang siya?

“Pero iyon ang gusto ko.”

“W-what?”

“Akala ko ba gusto mo akong makuha?”

“B-bastos! H-hindi iyon ang gusto ko!” Napaatras

siya nang magsimula itong maglakad palapit. Ramdam niya ang pag-iinit ng kanyang mukha. Kung dahil iyon sa takot o sa pagkapahiya ay hindi na niya alam. Basta ang tanging alam niya ay nagsisisi siya. Nagsisisi siyang sumugod nang mag-isa sa lungga ni Achilles na para bang sigurado siyang wala itong gagawing masama sa kanya.

“So ano’ng gusto mo?”

“I-ikaw. Ikaw lang.”

“Kung gusto mo ako, kailangan ito.”

“Y-you can’t be serious,” nanginginig na sagot niya.

“Really?” Dahan-dahan itong lumapit, patuloy siya sa pag-atras. “Bakit ka lumalayo? Gusto mong maglaro, di ba?”

“Stop right there!” sigaw niya.

“Why? Gusto mo ako, di ba? Gusto rin kita.” Muli nitong sinuyod ang katawan niya, saka ngumiti nang nakakaloko.

“You can’t do this to me,” naiiyak na tutol niya nang maramdaman malamig na pader na dumampi sa kanyang likod.

Tuluyan na siyang nasukol ng binata. His firm hands pinioned her against the cold wall behind her. Dahan-dahan nitong inilapit ang mukha sa kanya. When his face was just an inch away from hers, he stopped.

“Please...” Halos idikit niya ang mukha sa dingding.

“Please what?” His hot breath fanned her cheek.

Lalong nagwala ang tibok ng puso niya. Pakiramdam niya ay may asong humahabol sa kanya, halos hindi na siya makahinga sa sobrang kaba. Naramdaman niya ang banayad na pagdampi ng mga labi nito sa kanyang pisngi.

“Achilles... please.” Maging sa sarili ay hindi na niya alam kung ano ang hinihiling niya rito. Pero may pakiramdam siyang mas lamang ang pagsusumamo niyang ituloy ng lalaki ang binabalak sa kanya. Napalunok siya.

“Hmm?” Lumipat sa mahabang leeg niya ang mainit nitong hininga.

“Y-you can’t do this to me,” she whispered. Napakainit ng pakiramdam niya, nanghihina ang mga tuhod.

Iyon lang at tumigil ito. “I can, but I won’t. That’s the difference. Ipinakita ko lang kung ano ang maaaring mangyari sa ’yo kapag ipinagpatuloy mo ang kalokohan mo. Kung nagkataong siraulo ang natipuhan mong habul-habulin, malamang ngayon ay nasa kulungan na ang ama mo dahil nakapatay na siya ng tao. Hindi ka ba talaga nag-iisip?” Iniwan siya nito.

Tulalang napatda siya. Ano ang nangyari? Did he just let her go? Nahagip muli ng mga mata niya si Achilles, nakaupo ito sa couch at matamang nakatitig sa kanya.

“You were so scared.”

“I... I wasn’t!”

“Bakit hindi mo subukang humarap sa salamin?”

“Hindi mo ako mapapasuko dahil lang tinakot mo ako.”

“Paano kung sa susunod ay hindi na basta-bastang pananakot ang gawin ko sa ’yo?” hamon nito.

“Hold on to your life. Siguradong uuurin ka sa ilalim ng lupa sa oras na ginalaw mo ako. Alam kong takot ka rin sa daddy ko,” she snapped. “O, di kaya ay ituloy mo. Puwede rin naman nating i-enjoy!”

tudyo niya, ipinapanalangin na sana ay hindi siya mukhang ibinabad sa suka habang nagmamatapang sa harap nito.

“Hindi mo ako makukuha.”

“You’re already mine.”

“Since when?”

“Since the first time I laid my eyes on you.”

“Are you saying it was love at first sight?”

Was it love at first sight? Nanumbalik sa isip niya ang eksenang sa parking lot kung saan una niyang nakita si Achilles.

“Do you believe in love at first sight?”

“It’s superficial. Huwag mong sabihing iyan ang palusot mo kaya kinukulit mo ako ngayon?” Napailing ito.

“No. Hindi ito love at first sight. Because I don’t love you. I just like you,” direktang sagot niya.

Natigilan ang lalaki. Hindi niya mawari kung natuwa ba ito o nagalit dahil mabilis itong tumalikod at tumungo sa pinto.

“Ayoko nang pinaglalaruan ako. Now leave. Bago

pa magbago ang isip ko't turuan kita ng leksyon na hindi mo malilimutan.”

“Babalik ako bukas. Hindi ko alam na ganito pala ka-exciting ang manligaw. Dati-rati, ako ang nagtataboy. Ngayon, ako ang itinataboy. This is worth a blog entry.” She smiled bitterly.

“Huwag ka nang babalik.” Dere-derecho ito palabas ng silid.

Sumunod siya rito. “I will get you, just as intended. Remember that.”

“Ayoko sa mga babaeng kagaya mo.”

“Babaeng nanliligaw sa mga lalaki?” She arched a brow. “Sa Japan, mga babae ang nagbibigay ng chocolates tuwing Valentine’s day. Sa States ay uso na rin ang mga babaeng nanliligaw sa mga lalaki.”

“Pero iba dito sa Pilipinas.”

“Alam mo bang lalo kang naging guwapo sa paningin ko ngayon dahil sa conservative outlook mo? Feeling ko tuloy, sinasadya mong kontrahin ako para lalo akong magkagusto sa 'yo,” nakangiting tudyong niya.

“You’re crazy.” Nilingingon siya nito. Naroon na sila sa front door.

Natigilan siya nang makitang napangiti ang kausap. Bagaman saglit lang iyon at nakatalikod na ulit ito sa kanya ay alam niyang hindi siya namalikmata lang.

Ngumiti siya! “At bukas pagbalik ko, dapat nakangiti ka na sa akin at hindi nagsusungit. At sa susunod na bukas, dapat kakausapin mo na ako nang matino. At sa susunod pang bukas, dapat ay sabay na tayong kakain. Hanggang umabot tayo sa puntong magustuhan mo na ako.” Muli niya itong kinindatan bago siya umalis.

Nang maalala ang ginawa nito sa kanya kanina ay hindi niya napigilang mapangiti. Bakit sa halip na matakot ay kinikilig pa siya? Mas malalim na ba ang nararamdaman niya para kay Achilles? Hindi niya maiwasang asamin na muli itong makita.

3

Tuwing umaga ba talaga ay almusal mo na ang pagdidilig sa mga halaman mo rito sa labas?” bungad ni Jeramiah.

Halatang nagulat si Achilles. Napatuwid ito ng tayo at napatikhim. Hindi niya naiwasang mapangiti sa reaksiyon nito.

“Naiilang ka ba sa akin? Sign na ba ito na apektado ka na sa presence ko?” Nakangiting nilapitan niya ang lalaki.

“Nandito ka na naman?”

“Di ba sabi ko sa ’yo kahapon, babalik ako?”

“Tatawagan ko ang daddy mo at ipapasundo kita ngayon din.”

“That won’t work. Umalis ng bansa ang daddy ko kaninang umaga. May conference sila sa Japan. Meaning, I’m free!” Itinaas pa niya ang dalawang kamay sa langit.

“Iuuwi ka ng mga bodyguards mo.”

“Takot lang nila sa akin. At dahil wala si Daddy,

I can stay here for as long as I want. Inupahan ko 'yong bahay diyan sa tapat. Kalilipat ko lang kagabi," ngisi niya.

"At ano'ng ginawa mo sa mga kapit-bahay kong matagal nang nakatira diyan?"

"Ah, binayaran ko sila para makahanap sila ng mas magandang bahay na mauupahan. Isa pa, sandali lang naman ako. Aalis din ako sa oras na makuha kita."

"I can't imagine the length you're willing to go through just to get what you want."

"Ang cool ko ba? Ngayon ay mas madali na kitang maliligawan. Mukhang mahilig ka sa halaman. Gusto mo ba ng flowers? Ano ba'ng gusto mo? Hindi kasi ako marunong manligaw, eh," natutuwang untag niya.

"You really are very candid."

"Part of my charm."

Hindi ito umimik, sa halip ay ipinagpatuloy lang ang pagdidilig. "Marami akong pasyente mamaya kaya bawal ang mang-istorbo," hindi lumilingong anito.

"Kapag nagsuot ba ako ng sexy, papansinin mo

na ako?”

“What?” Marahas itong napabaling sa kanya.

“Wala akong damit na super sexy, eh. Ipinatapon na lahat ni Daddy. Pero iyong mga short shorts, puwede na ba sa 'yo?”

“Look, hindi ako maniac at lalong wala akong pakialam kung ano ang isuot mo. Hindi ko rin first time makakita ng babaeng halos wala nang damit kaya hindi effective kung aakitin mo ako gamit ang katawan mo. Ngayon pa lang ay sinasabi ko na sa 'yo, wala kang pag-asa sa akin, okay? So please stop it. Ibaling mo ang atensyon mo sa mga bata sa kalye at sa kanila ka makipaglaro.”

“Hindi na ba talaga magbabago pa 'yang desisyon mo? Akala ko ba babae lang ang pakipot? Bakit pati ikaw pakipot? Are you... gay?” nananantyang tanong niya.

“Mas gugustuhin ko pang isipin mong bakla ako, layuan mo lang ako.”

“Bakit ayaw mo sa 'kin?”

“Ayoko sa mga taong kagaya mo.”

“Bakit, ano'ng klaseng tao ba ako para sa 'yo?”

“Gusto mong malaman?”

“H-hindi na lang.” Napakurap siya. Hindi niya gustong malaman. Alam niyang masasaktan lang siya. Kagaya ba ng mga plastic niyang kaibigan, nakikita rin ba siya nito bilang isang taong walang kuwenta at masama? “I don’t wanna hear it.” Mabilis siyang tumalikod at naglakad palayo.

“Isa kang spoiled brat na walang alam gawin sa mundo kundi ang maglaro, kunin ang lahat ng gusto, sabihin ang lahat ng gusto kahit na nakakasakit na at higit sa lahat, hindi ka marunong tumanggap ng pagkatalo. Lahat ng katangian mong ’yan, ayoko. Kaya kahit na kailan ay hinding-hindi kita magugustuhan.”

Nahigit niya ang hininga. Kahit minsan ay wala pang nakapagpamukha sa kanya ng ganoon. Wala siyang pakialam kahit araw-araw siyang saksakin sa likod ng lahat ng mga tao sa paligid niya, as long as she didn’t hear them. What she didn’t know wouldn’t hurt her. Hindi niya inaalam ang mga paninirang sinasabi ng lahat tungkol sa kanya dahil alam niyang maaari siyang masaktan.

Dahan-dahan niyang nilingon si Achilles. This man was able to say those hurtful truths about her—to her face. Akala niya ay ikatutuwa niya ang lahat ng mga pagkontra galing dito. Pero pakiramdam niya

ay doble ang sakit na dulot ng mga salita dahil galing iyon sa lalaki.

Para kang tanga, Jeramiah. You've only known him for less than a week! Ano ngayon kung masama ang tingin niya sa 'yo?

Napatingala siya sa langit upang pigilan ang sariling mapaiyak sa harap nito.

"I hope you're done," she said, bago parang robot na naglakad palayo. Hindi pa man siya tuluyang nakakapasok sa inuupahan niyang bahay ay tuluyan nang bumalong ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

Lecheng 'truth hurts' 'yan! Nauso pa! Inis na pinahid niya ang luhang namalisbis sa namumula niyang pisngi. Padabog na isinara niya ang pinto. Ang sakit magsalita, akala mo kung sinong mabait!

Nakapangalumbaba si Jeramiah sa barandilya ng terasa. Napatingala siya sa langit. Maghapon siyang nasa loob ng bahay, walang magawa at kanina pa natitigang sa boredom. Nilingon niya ang bahay ni Achilles na hindi pa yata nauubusan ng pasyente simula kanina.

Nag-aagaw na ang liwanag at dilim pero patuloy pa rin sa pagdagsa ang mga pasyente sa loob ng klinika ni Achilles. Kung hindi niya lang alam na libre ang check up sa klinika nito, malamang ay inisip niya nang ang yaman-yaman na ng lalaki.

Naagaw ng isang bata ang tingin niya. Nakatayo ito sa harap ng gate ng klinika ni Achilles at atubiling sumisilip sa loob niyon. May hawak itong manyika, madungis gaya nito. Isang tingin at masasabing batang-lansangan ito.

Natigilan siya nang makitang mabuway ang tayo nito. Nanghihinang naupo ang bata sa tabi ng gate. Napakunot-noo siya, mukhang may sakit ito. Mabilis siyang tumayo mula sa kinauupuang bench. Lumabas siya ng bahay at tinungo ang kinaroroonan ng paslit. Mas marungis ito sa malapitan.

“Bata,” tawag niya.

Nanghihinang tumingala ito. “Bakit?”

Mataman niyang pinagmasdan ang pawisan at namumutlang mukha nito. Nakaramdam siya ng awa. “Okay ka lang ba?”

Hindi ito sumagot.

“Oy, sumagot ka.” Nataranta siya nang makitang

tila nawalan ito ng malay. Napahandusay ito sa kinauupuan.

Tulong. Kailangan ko ng tulong! anang isip niya.

Napalingon siya sa klinika ni Achilles pero mabilis ding binawi ang ideya. Hindi pa siya handang magpakita sa harap nito. Ano na ang gagawin niya?

Nag-aalangan siyang hawakan ang bata dahil madungis ito. Pero kung paiiralin niya ang pride at hindi lalapitan si Achilles para humingi ng tulong, wala siyang choice.

Damn! Bakit ba sa 'kin pa nangyari 'to? Kulang na lang ay pikit-mata at takip-ilong siyang lumuhod para alamin kung seryoso ang lagay ng bata. Kapag ganoon, ang tanging magagawa niya ay lumapit sa masungit na doktor.

Thankfully, the little girl was peacefully breathing. Baka nakatulog sa pagod o sa gutom—hindi niya alam. Saglit niya itong pinagmasdan at napabuntong-hininga nang makita ang kunot nitong noo na tila ba hirap na hirap ito.

Fine! Pero ngayon lang 'to. Ngayon lang!

Buong lakas niyang pinangko ang bata at dinala sa kanyang bahay.

“Kumusta na ang pakiramdam mo?” tanong ni Jeramiah.

Hindi sumagot ang batang babae, sa halip ay patuloy lang nilantakan ang inihain niyang tinapay, pritong itlog, hotdog, ham at bacon. Nanlaki ang mga mata niya nang halos inisang lagok lang nito ang inihanda niyang hot chocolate. Mahigit isang oras din itong nakaidlip.

“Teka, hinay-hinay lang. Baka mabilaukan ka,” aniya. Napailing na lamang siya nang makitang ubos na ang lahat ng inihanda niyang pagkain. “Gusto mo pa?” Umiling ito. “Hindi ka man lang ba magpapasalamat?”

Napayuko ito at bumulong. “Salamat.”

“Hindi kita marinig,” nangingiting tudyo niya.

Hindi pa rin siya makapaniwalang nagawa niya itong tulungan kanina. Kung kasama niya ang daddy niya ngayon, malamang na sinabitan na siya ng ama ng medalya o di kaya ay pinagawan ng rebulto sa plaza.

“Salamat po.”

Tumangu-tango siya. “Nagbibiro lang ako. Ano

pala ang ginagawa mo sa harap ng clinic ni Achilles kanina? May sakit ka ba? Magpapagamot ka?”

“M-may lagnat at ubo po kasi ang lola ko. Hihingi sana ako ng gamot,” mahina nitong sagot.

“Bakit kay Achilles pa?”

“Kasi s’abi ng mga tao na tagarito, mabait daw po siya.”

“Alam mo bang hindi hinihingi ang gamot?” Napayuko ito. “Huwag ka nang bumalik kay Achilles. Mayabang ’yon. Masama ang ugali.” Tumayo siya at humalukipkip. Alam niyang naninira na siya pero hindi maiaalis sa kanya ng doktor ang magtampo. “Ako na lang ang bibili ng gamot para sa lola mo.”

“Galit ka po kay Doc Achilles?” takang tanong nito.

“Parang gan’un.”

“B-bakit po?”

Natigilan siya sa tanong ng bata. Mayamaya’y nagkibit-balikat siya. “Alam mo, kasing-sama ng tabas ng dila ko ang tabas ng dila mo,” natatawang komento niya.

“Mabait po ako.”

“Mas mabait ako.”

“Sige na, ikaw na po ang mabait.”

Napatawa siya nang malakas sa sinabi nito. “I really think you’re cool. Mabuti na lang pala at nakita kita kanina.”

“Bakit ka po galit kay Doc?”

“Kasi nilait niya ako kanina. At pakipot siya.”

“Pakipot? Nililigawan mo po siya?”

“Oo.”

“Eh, bakit kayo ang nanliligaw?”

“Kasi gusto ko siya.”

“Di ba, dapat mga lalaki ang nanliligaw?”

“Hindi niya ako gusto, eh. Ewan ko ba, kung may alam lang ako, malamang na ginayuma ko na ang mayabang na ’yon.”

“Gayuma? Gusto mo po ng gayuma?”

“Oo. Bakit, meron ka?” natatawang tanong niya. “Bakit ba aliw na aliw akong kausap ka kahit ang baho-baho mo?”

“Hindi pa po kasi ako nakakaligo. Walang tubig

sa amin kaninang umaga, eh.”

“Gusto mong maligo?”

“O-okay lang po?”

“Oo naman. Dalawa ang banyo dito. Bibigyan na lang din kita ng damit.”

“Bakit gan’un? Tingin ko kanina masungit ka. ’Tapos ngayon parang bigla ka pong bumait?” takang usisa nito.

“Hindi ko rin alam, eh. Bumait ba ako?” amused na tanong niya. “Sige na, maligo ka na. Pagkatapos mong maligo ay sasamahan kitang bumili ng gamot ng lola mo.”

“Sasabihin ko po kay Lola na mabait kayo para bigyan niya kayo ng gayuma. Sabi ng mga tao, mangkukulam daw si Lola,” pabulong na dugtong nito.

“M-mangkukulam ang... lola mo?”

“N-natatakot ka na rin po ba sa akin? Lalayuan mo rin ako kasi apo ako ng mangkukulam?”

“Bakit ako matatakot? Hindi ako duwag, ’no! Isa pa, kung totoong mangkukulam ang lola mo, mas matutuwa pa ako. Kasi makakahingi ako sa kanya ng

Magic Kiss - Eunice Xyra

gayuma.” Napangiti siya. “Kaya bilisan mong maligo, pupunta tayo sa lola mo.”